QUEZON CITY ANNIVERSARY

85th Tayo ang QC

OFFICIAL NEWSLETTER OF
QUEZON CITY
OCTOBER 2024

'Maipagmalaki na dito kayo nakatira sa Quezon City'

Ang taong 2024 ay isang mahalaga at espesyal na kabanata sa kasaysayan ng Quezon City dahil ito ang ika-85 na anibersaryo ng pagkakatatag ng lungsod. Kasama sa pagdiriwang ang ika-anim na State of the City Address (SOCA) ni Mayor Joy Belmonte, kung saan kanyang iniulat sa mga QCitizen ang mga naipatupad na programa at proyekto sa nakalipas na taon—mga programang nagkakaroon na ng positibong bunga at napapakinabangan ng lahat, anuman ang kanilang kalagayan sa buhay.

Sa kanyang SOCA, binigyang-diin ni Mayor Joy ang inspirasyon na nakuha niya mula sa mga salita ni Pangulong Manuel L. Quezon, na nakaukit sa isang haligi ng Main Building ng Quezon City Hall.

"Bahagi ito ng isang pahayag tungkol sa pangarap ni Quezon na maitatag, hindi lamang ang bagong sentro ng pamahalaan, kundi ang isang lungsod na magiging 'showplace of the nation,'" paliwanag ni Mayor Joy. "Hinanap ko ang buong quote—at tila ba swak na swak ang timing ng paalala. Ang pangarap ni Quezon: '*To create a city that would serve as the epitome of culture and spirit of the country... a dignified concentration of human life, aspirations, endeavors, and achievements... and a productive, self-contained community.*'"



Dagdag pa ni Mayor Joy, ang Quezon City ay kumikilos para sa pangako ng buhay na may dignidad, kalayaan, at kabuluhan. "Para sa akin, iyan ang puno't dulo ng ating pagkilos. Over the years, as we chase this aspiration, we have been called to imagine what else is possible. And as a result, we have introduced policies, programs, and innovations beyond the conventional ways of governance."

Sa pagdiriwang ng ika-85 na anibersaryo, layunin ng lungsod na ipakita kung paano tinutupad ang pangarap ni Pangulong Quezon—isang lungsod na ehemplo ng kaunlaran, kultura, at pagkakaisa.

"I dream of a capital city that politically, shall be the seat of the national government; aesthetically, the showplace of the nation—..."

— President Manuel L. Quezon, Founder of Quezon City



WALANG PAG-AATUBILI NATING MASASABI: HINDI NATIN SINASAYANG ANG TIWALA NG ATING MGA KABABAYAN!

Isa sa mga maipagmamalaki ng Quezon City ang pagtanggap mula sa Commission on Audit (COA) ng Unqualified Opinion sa loob ng four consecutive na taon. Patunay ito na sinuklian ng lokal na pamahalaan sa pangunguna ni Mayor Joy Belmonte ang QCitizens ng serbisyong tapat, mabuti, at mahusay. Walang pag-aaksaya at walang panlilinlang.

Ani Mayor: "Maayos at masinop tayo sa pondong ipinagkatiwala sa atin. Bukod sa sulit na sulit ang budget natin dahil sa mababuting programa, dagdag-pruweba rin ang Unqualified Opinion mula sa COA."

Sa ₱39 billion na inaprubahang budget para sa 2024, higit kalahati ang nakalaan sa social services na para sa kalusugan, edukasyon, pangkabuhayan, at pabahay; sa agarang pagtugon sa panahon ng krisis; sa suportang maaasahan ng iba't ibang sektor.


Ang QC ay nakatanggap ng Unqualified Opinion mula sa COA for four consecutive years.


Agaran ang pagtugon sa panahon ng kalamidad.

"Consistent ang priority na ito sa nakalipas na mga taon, dahil una sa agenda natin ang quality of life ng ating mga mamamayan."

Ayon sa alkalde, mas mataas ang budget na ito kumpara sa pondong minana mula sa nakaraang administrasyon. Kahit na ganito ang sitwasyon, hindi nagtaas ng buwis at hindi nagpataw ng dagdag na pasanin sa QCitizens. Buong pagmamalaki ring sinabi ni Mayor Joy na walang pinagkakautangan ang lungsod.

"Maayos at masinop tayo sa pondong ipinagkatiwala sa atin. Sulit na sulit ang budget natin dahil sa mababuting programa."

IBANG KLASE TAYONG MAG-ALAGA DITO SA QC, NAGBUBUNGA ITO NG MAS MATAAS NA KITA PARA SA LUNGSOD

Nitong nagdaang taon, pumalo sa ₱27.41 billion ang locally-sourced revenue, at malaking bahagi nito ay ang ₱22.9 billion mula sa masigasig na koleksyon ng real property and business taxes.

Ayon sa Department of Finance, ang Quezon City ang nangunguna sa mga Highly Urbanized Cities sa Year-on-Year Growth, with a 30% increase between Fiscal Years 2022 and 2023.

Para sa 2024, tinatayang malalampasan ang total tax collection last year. As of September 30, nasa ₱15.8 billion na ang nakokolekta.

"Lahat ito ay produkto ng ating pagsisikap na isaayos at padaliin ang mga proseso para sa tax collection at pagnenegosyo. Halimbawa na lang nito ang ating ordinansa na nagbibigay ng discount sa mga maagang nagse-settle ng kanilang tax obligations," ani Mayor Joy.

MALAKING BAGAY ANG DIGITALIZATION EFFORTS SA CITY GOVERNMENT

Sinimulan ang digitalization sa Quezon City para gawing mas convenient ang mga proseso—habang binabawasan ang face-to-face interactions at para tanggalin ang lagay at red tape.

Inireport din ni Mayor Joy Belmonte na accessible kahit saan ang QC E-Services portal, kung saan available na ang 145 online services at transactions ng City Government. Puwedeng magbayad dito ng buwis at iba pang fees gamit ang bank transfer, card payment, o e-wallet.

Ngayong taon, nai-roll out din nang tuluyan ang Online Business Tax Assessment. Higit 45,000 taxpayers ang gumamit ng serbisyong ito noong unang bahagi ng taon. Umabot sa ₱152.4 million ang online tax payments.

Bukod sa mas madaling pagbabayad ng buwis, pinapatibay din ng siyudad ang Ease of Doing Business. Dahil dito, back-to-back ang pagkilala sa QC bilang "Most Business-Friendly City" ng Philippine Chamber of Commerce and Industry (PCCI). Apat na beses ding kinilala ang QC ng Department of Trade and Industry (DTI) bilang "Overall Most Competitive LGU."

May magandang balita si Mayor Joy: "As we approach the final quarter of this year, we have already welcomed more than 9,000 new businesses. Halos kasing dami na ito ng new business registrants natin sa kabuuan ng 2023."

BUKOD SA QC E-SERVICES, PINAGANDA ANG BUSINESS ONE-STOP-SHOP (BOSS) PARA SA BUSINESS REGISTRATION

Dito sa QC, isang proseso na lang ang pagpapa-rehistro ng business name, pag-aapply ng business permit, at pagkuha ng barangay clearance. Sa pamamagitan ng partnership sa DTI at sa lahat ng 142 barangays, streamlined na ang lahat. Ang mga nag-a-apply, hindi na kailangang magpabalik-balik sa iba't ibang opisina.

Sa ilalim ng QC Biz Easy, isang oras lang ay may e-invoice na matatanggap kung nag-apply para sa bagong business permit. Kung renewal naman, 10 seconds lang. Libre rin ang delivery ng hard copy ng permits, kasama pati ang mga resibo.

Para sa hindi techie, available pa rin ang mga serbisyong ito sa City Hall. Ngayon, maginhawa na ang on-site experience dahil sa new and improved Business One-Stop-Shop (BOSS) center ng Business Permits and Licensing Department (BPLD). Bukod sa automated ang ticketing system at bago lahat ng computers, may libreng brewed coffee pa para sa lahat.

High-tech na rin ang pagkuha ng location clearance ng mga negosyo. Sa Automated Zoning Evaluation System, nache-check agad kung pwede ang binabalak na negosyo sa isang lugar—at kung hindi, tutulungan silang maghanap ng area na akma. Available rin ang impormasyong ito sa Public Access Map, dahil 100% ng registered business ay geotagged. Gamit ang artificial intelligence, nata-track ang trends at patterns ng mga negosyo. Gamit ang malilikom na data, nakakatulong ito sa land use, zoning, at development plans.



Report ni Mayor: "As I speak, nakapag-issue na tayo ng 22,824 building permits and clearances, na nagpasok ng halos ₱300 million sa ating lungsod. Lahat ng ito ay dumaan sa ating QC Build Easy — na nakatanggap ng Government Best Practice Recognition noong 2023. Dahil simultaneous na ang online evaluation, pre-checking ng building plans, at iba pang bahagi ng proseso, agad nang nasisimulan ang mga proyektong compliant sa building regulations. For simple permit applications, tatlong araw lang ang hihintayin, at isang linggo para sa complex permits."

At para patuloy na mahikayat ang mga negosyo na tumaya sa QC, dinagdagan pa ang incentives para sa medium and large enterprises. Through the amended Quezon City Local Economic Development Incentives Code, maaaring mag-apply para sa 2-year tax exemptions ang mga bago, relocating, o expanding na negosyo.



TULOY-TULOY SA HANGARIN NA MAGING 'INNOVATION AT STARTUP CAPITAL' NG BANSA

Sa ilalim ng StartUP QC program—the first and the largest of its kind in the country—nakapagbigay na ng grant na ₱1 million sa 10 startups simula noong 2022.

Mayroon ding StartUP QC Student Competition, kung saan nakapaglaan ng suporta para sa 27 business proposals mula sa iba't ibang academic institutions.

"Kapag pinag-uusapan natin ang pag-unlad dito sa QC, kasama syempre ang ating maliliit na negosyo, na itinuturing na lifeblood ng ating ekonomiya," ani Mayor Joy Belmonte.

Sa 2024, nasa ₱73 million na ang naibigay na pang-puhunan sa ilalim ng Pangkabuhayan QC. Mula nang inilunsad ang programa sa gitna ng pandemya, nasuportahan ang entrepreneurial journey ng higit sa 60,000 QCitizens, kasama na ang mga micro-entrepreneurs, solo parents, OFWs, PWDs, at indigents. Umabot na sa kabuuang ₱624 million ang capital assistance.

Dahil ginabayan sila ng training at suporta ng lokal na pamahalaan, 96.9% ng mga bagong negosyo ay lumalago na.

"Kapag pinag-uusapan natin ang pag-unlad dito sa QC, kasama syempre ang ating maliliit na negosyo, na itinuturing na lifeblood ng ating ekonomiya."



Sa ilalim ng POP QC, naibibida ang iba't ibang "Proudly Original Products" mula sa QC. Ito ay kabuhayan ng higit 600 entrepreneurs at kooperatiba, na kumita na ng kabuuang ₱18.6 million ngayong taon.

Salamat sa ordinansang ipinasa noong Abril, ang sari-sari store owners at iba pang nano-entrepreneurs, naging legit business owners na rin. Ang ₱500 na registration fee, all-inclusive na: may access sa training, financial grants, at iba pa. At dahil nasa database na, mas madali silang maaalalayan kung sakaling tamaan ng sakuna ang kanilang negosyo.

Nang inilunsad ang Market One Stop Shop (MOSS) noong 2023, ginawang mas patas at maayos ang kalakaran sa mga palengke. Wala nang palakasan o lagay sa market master. Hindi na sina-subcontract ang mga puwesto. At mas madali rin ang koleksyon ng rental fees. Sa kasalukuyan, may higit 2,000 stall holders sa walong public markets ang registered sa MOSS.







Kinilala ng Galing Pook Awards ang QC Birth Registration Online. Ang awarding ceremony ay ginanap sa Malacañan sa pangunguna ni Pres. Ferdinand R. Marcos Jr. at DILG Secretary Jonvic Remulla.

KAPAG SINABI NATING 'KASAMA KA SA PAG-UNLAD,' HINDI LANG ITO SLOGAN KUNDI ISANG PANGAKO NA PINANINDIGAN

Ang QC ang nagtaguyod ng kauna-unahang online birth registration system sa bansa. Dahil dito, kinilala bilang isa sa awardee sa Galing Pook Awards ang Quezon City Birth Registration Online (QCBRO).

"Tuloy-tuloy ang pagkilos natin para mapadali ang pagpaparehistro ng life documents, gaya ng birth certificate," ani Mayor.

Higit 53,000 births na ang naitala sa QCBRO mula nang ilunsad ito noong 2022.

Nakitang halos naalis na ang kapabayaan o negligence bilang dahilan ng delayed registration dahil fina-facilitate na sa mga ospital o birthing facilities ang pagrerehistro ng mga bagong-silang na sanggol.

Nagsasagawa rin ng regular caravans sa mga barangay para mairehistro na rin sa wakas ang mga QCitizen na matagal nang namuhay na walang birth certificate. Ngayong 2024, pinalawig ang online services para mapadali rin ang marriage and death registrations.

Samantala, umabot na sa 1.1 milyong QCitizens ang naka-rehistro sa QCID program, kung saan magagamit ito sa iba't ibang serbisyo ng City Government tulad ng scholarship applications, pabahay, health services, pati na ang paghiram ng libro sa public library, at iba pa.

DITO SA QC, SINISIKAP NA GAWING ABOT-KAMAY ANG KALUSUGAN



Mas maraming QCitizen na ang may access sa iba't ibang mga serbisyong pang-kalusugan, gaya ng consultation, health risk screening, at mga piling lab test at gamot sa mga accredited Philhealth Konsulta providers.

Tinututukan ang pag-e-enroll ng mas maraming QCitizens sa Philhealth, ngayong Universal Health Care Integrated Site na ang QC.

Nagiging posible na ito dahil sa integrated Health Information System. Iisa na lang ang database para sa patient records. Ibig sabihin, pwedeng pumunta sa kahit anong city-run health facility para sa konsultasyon, treatment, o mga gamot.

Operational na ang database sa city clinic; sa higit 60 health centers; sa lying-in clinics, animal bite treatment centers, social hygiene clinics; at maging sa molecular laboratory.

Para sa City Government, mas madali nang natutukoy kung anong mga gamot o serbisyo ang kailangan ng mga QCitizen. Mas maayos din ang coordination sa mga healthcare provider.

Malaking tulong din ang pagkakaroon ng sapat na doktor sa mga health center. Mula sa isang doktor kada dalawang facility, ngayon ay mayroong 79 doctors na nakatutok sa 66 health centers para matiyak na matutugunan maski ang malalaking barangay.

Kasabay ng pagsasaayos ng health facilities, dalawang bagong health centers ang binuksan ngayong taon: ang West Riverside Health Center sa Brgy. San Antonio at ang Roxas Health Center sa Brgy. Roxas.

Para makontrol ang non-communicable diseases, patuloy ang pamimigay ng libreng maintenance medicines para sa hypertension at diabetes. Nasa higit 156,000 na ang nabigyan ng gamot sa 2024.

SA LARANGAN NG EDUKASYON, PATULOY ANG PAGBUBUHOS NG TULONG AT SUPORTA SA MGA MAG-AARAL

Naniniwala si Mayor Joy Belmonte na kailangang suportahan ang edukasyon ng kabataan alinsunod sa pangarap ng siyudad na maging future-ready city. Mula 2020, nakapagbigay na ng higit dalawang milyong learning kits, na may kasamang storybooks, reading cards, at workbooks. Meron ding school bags na may kasamang tumbler. Sa nakalipas na apat na taon, nakapag-distribute na ng 300,000 tablets sa mga estudyante. Nasa halos 10,000 laptops naman ang naipamahagi sa teachers.



Ngayong 2024, nagdiwang ng 30th founding anniversary ang Quezon City University (QCU). Kasama ang QCU sa 2024 Times Higher Education Impact Rankings. Ito ang tanging local university sa Pilipinas na napabilang sa listahang ito ngayong taon.





Bahagi ng milestone celebration ng QCU ang pagpapasinaya ng bago nitong 7-storey academic building. Binuksan din ang QCU Center for Urban Agriculture and Innovation.

Going strong din ang Scholarship Program ng lokal na pamahalaan. Mula 2019, mahigit 31,000 na ang scholars ng lungsod. At ito ang good news ayon kay Mayor: lampas 11,000 na sa kanila ang nakapagtapos ng pag-aaral.

Dahil sa ordinansang ipinasa ng City Council, hindi lang honor students ang puwedeng maging scholar. Mas marami nang kabataan mula sa vulnerable sectors ang maaaring makatanggap ng scholarship. Mayroon rin tayong scholars na youth leaders, at mga nasa sports, arts, at post-graduate programs.

Patuloy rin ang pagsasaayos ng mga pasilidad para mabigyan ng kaaya-ayang learning environment ang mga mag-aaral. May bagong school building na Betty Go-Belmonte Elementary School, at tuloy-tuloy ang rehabilitation work para sa facilities sa iba't ibang paaralan sa lungsod.

Alinsunod sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon, naglaan ang QC ng pondo para madagdagan ang mga computer units sa mga eskwelahan. Sa tulong ng partner organizations, na-improve ang computer labs ng apat na paaralan, at gagawin din ito sa 63 pang mga eskwelahan bago matapos ang taon.



Automated na rin ang library services. May online database na ng extensive na catalog ng Quezon City Public Library—kasama ang Main Library sa City Hall at ang 32 branches sa siyudad. Pati pagre-reserve ng libro, puwede nang gawin gamit ang E-Services platform.

"We are also proud of the on-site experience in our libraries. Marami nang raves at good reviews tayong natatanggap from students, remote workers, and anyone looking for a space to be productive in," ani Mayor.

Beyond libraries, QC is reinforcing its commitment to elevate literacy and numeracy among young QCitizens. Sa pamamagitan ng QC Tutoring Program, halos 2,000 mag-aaral na ang naturuang bumasa, sumulat, at magbilang.

"As we continue these efforts, the 2025 program will target 1,000 non-readers and frustrated readers, while also expanding to support 4,000 struggling learners in Math—ensuring that they reach grade level and are equipped to succeed. Ang goal natin: dapat Zero Illiteracy at wala nang non-numerates sa kabataang QC."

BAHAGI NG PAGBIBIGAY-DIGNIDAD ANG MAAYOS AT LIGTAS NA PABAHAY PARA SA MAMAMAYAN



Mula noong manungkulan si Mayor Joy Belmonte, nakapagbigay na ng katiyakan sa paninirahan para sa 27,887 na pamilya.

"Within just five years, we have already achieved nearly half of the housing provided by all previous administrations since 1986. Nag-level up na rin tayo sa pangakong ito. This year, we bought more than 2,669 condominium units at Urban Deca Homes in Commonwealth, na magiging bahagi ng ating rental housing program," ulat ni Mayor.



Ngayong taon din, binili ng City Government ang dagdag na 51,712 square meters na lupa mula sa Manila Remnant Company at Mega East Properties, para masimulan na ang pagtiyak sa paninirahan ng higit 800 pamilya.

Nasa 265 families mula sa danger zones ang natulungan na ma-relocate sa iba-ibang resettlement sites ng National Housing Authority ngayong 2024. Patuloy rin ang suportang handog natin sa pinakamahihirap na mamamayan, gayundin sa iba't ibang vulnerable sectors.

"Within just five years, we have already achieved nearly half of the housing provided by all previous administrations since 1986. Nag-level up na rin tayo sa pangakong ito."

MAY OPORTUNIDAD PARA MAGLINGKOD ANG MGA SENIORS AT PWDs

Ngayong taon, tinatayang nasa higit 20,000 indigent persons with disabilities at senior citizens ang saklaw ng social welfare assistance. Binibigyan rin ng pagkakataon ang mga lolo at lola na may lakas at kakayahan pang maghanapbuhay.

"Nitong Hulyo, na-deploy na sa iba't ibang fast food restaurants ang isang batch ng deaf or hard-of-hearing nating mga kababayan," ani Mayor.

"Proud rin ako na kapwa natin lingkod-bayan dito sa City Government ang lampas 700 PWDs. Deployed across our different departments, they comprise 4 percent of our personnel—which is higher than the national requirement of 1 percent."



MAIANGAT ANG KALAGAYAN AT BIGYAN NG DIGNIDAD ANG MGA MANGGAGAWA SA QUEZON CITY

"We are working toward elevating the status of our paleros who are among the poorest of the poor. Ang dating waste pickers, ngayon tinatawag na nating Resource Collectors," ulat ni Mayor.

Sa kasalukuyan, higit 3,000 na ang resource collectors mula sa Barangay Payatas. Bilang suporta sa kanilang pagle-level up, sinisimulan na silang ipadala sa libreng training ng TESDA para sa proper waste collection. May financial assistance at iba pang livelihood training at workshops din para sa kanila at kanilang mga pamilya. Higit pa rito, inire-rehistro na sila sa SSS, Philhealth, at Pag-IBIG.

Sa kabilang banda, buong sigasig na kumikilos ang siyudad para maabot ang goal na Zero Child Labor.

"Sinimulan natin ang proseso sa masusing profiling, kung saan natin nadiskubre na may higit 10,000 child laborers sa QC. Mula rito, nagbaba tayo ng iba't ibang interventions, tulad ng educational assistance, psychosocial support, at livelihood para sa kanilang mga pamilya."

Nitong nakaraang taon, naipasa ang Anti-Child Labor Ordinance. Dahil sa mga ito, higit 20% na sa mga bata ang naalis sa child labor. Tuloy-tuloy ang pagkilos para tuluyang mabuwag ang child labor.

Isa rin ang QC sa nangunguna sa paglaban sa Online Sexual Abuse or Exploitation of Children (OSAEC) bilang worst form of child labor. Naipasa na ang ordinansa laban dito, sa paglalayong palakasin ang mechanisms for child protection. Kasama sa mga hakbang ito ang Unified Referral System at ang preventive programs para maibahagi ang isyung ito sa mas nakararami.





Suportado ng mga Konsehal ang Zero Child Labor Manifesto.

SA USAPIN NG KALIGTASAN AT EMERGENCY RESPONSE, TULOY-TULOY ANG MGA SERBISYO SA ILALIM NG CENTRALIZED HELPLINE 122

Mapa-sunog man, baha, aksidente, krimen, karahasan, o iba pa, sinisikap natin na agad makatugon sa idinudulog na suliranin sa atin. Kasama rin sa mga puwedeng itawag sa Helpline 122 ang mga kaso ng Violence Against Women and Children at Online Sexual Abuse and Exploitation of Children," ani Mayor.

Ngayong taon, na-integrate na rin sa Helpline 122 ang pagtugon sa mental health concerns at emergencies. Mayroon ring crisis responders na nagsanay sa ilalim ng National Center for Mental Health.



Umabot na sa higit 75,000 calls ang nasagot nitong 2024, kabilang na ang ilang panawagan para mag-rescue ng mga biktima ng domestic abuse.

KAUGNAY NG MAAYOS NA PAMUMUHAY ANG PANGANGALAGA SA KALIKASAN, LALO NA SA GITNA NG MGA EPEKTO NG CLIMATE CHANGE

"I am proud to say that Quezon City is leading this conversation here and internationally, through innovations and grounded solutions," ani Mayor Joy Belmonte. "Our city continues to be recognized for our environment and sustainability efforts. Bukod sa pagkilala mula sa United Nations Environment Programme, ngayong taon ay pumasok tayo sa listahan ng 50 Sustainability Leaders ng Forbes Magazine, at isa tayo sa 119 A-list Cities ayon sa international non-profit organization na CDP."

Isa sa mga environmental program ng QC ang "Trash to Cashback" kung saan ang mga residente ay maaaring mag-trade ng recyclable waste para sa "Environmental Points"—na maaari nilang gamitin pambayad ng utilities at pambili ng mga grocery item.

"Our city continues to be recognized for our environment and sustainability efforts, such as the citation from the United Nations Environment Programme."

Mula 2021, katumbas na ng higit 1.2 million environmental points ang recycled waste na nakolekta sa ilalim ng inisyatibo. Bahagi ito ng kampanya para sa maayos na waste segregation sa mga tahanan, at pagbabawas ng basurang umaabot sa landfills.

Nandiyan ang "Kuha sa Tingi," na naglalayong bawasan ang paggamit ng mga single-use plastic o sachet. Sa kasalukuyan, higit 1,000 sari-sari stores sa QC ang nagbebenta ng liquid detergent at iba pang supplies sa pamamagitan ng refills. Ngayong taon, nakaiwas sa paggamit at pagtatapon ng mahigit isang milyong sachet sa mga landfill.

Maipagmamalaki rin ang patuloy na pagpapalawak ng urban farming initiative. Ngayong taon, nadagdagan ang lungsod ng 346 urban farms. In total, higit 25,000 na ang urban farmers sa QC in more than 1,000 urban farms across the city.



Nakapag-supply na ang urban farmers ng halos 44,000 kilos ng mga gulay at prutas, para sa libo-libong pamilya sa lungsod.

Binibigyang-pansin din natin ang kalidad ng katubigan. Pagkatapos na mabuo ang Quezon City Water Quality Management Plan, nagtalaga ng 48 monitoring stations, na nagsasagawa ng regular water sampling, partikular na sa mga ilog ng San Juan, Tullahan, Marikina, at Meycauayan.

Natapos na ang 224 Rainwater Harvesting System, na ipinatayo sa 119 public schools sa lungsod. Sa tulong nito, makakapag-imbak ng hanggang 932,000 liters ng tubig-ulan, na puwedeng gamiting pandilig ng mga halaman at panlinis ng mga pasilidad.



Isa sa mga rainwater harvesting facility.

SINISIKAP NATING MAGING TAPAT SA PANGAKO NA HINDI MAG-AAKSAYA— A MINDSET THAT WE ALSO APPLY TO INFRASTRUCTURE PLANS





Solar panels sa bubong ng QC City Hall main building. Below: Isa sa mga plant nursery sa loob ng Payatas Controlled Disposal Facility.



Sa bagong M.I.C.E. Center isinagawa ang SOCA, ipinapakita sa lahat na ito ang magsisilbing key events venue para sa lungsod. Ayon kay Mayor Joy Belmonte, "we decided to repurpose this project into a functional facility, which can host local and international events moving forward."

"Throughout the past year, we have chosen to implement several projects internally instead of externally. This approach involves using the City's own resources and manpower, instead of bringing in an outside contractor. Because of this, our projects are being completed much faster—at less cost. Best value for money ika nga."

Ngayong taon, natapos ang 117 rehabilitation projects para sa iba't ibang public facilities, kasama na ang mga tanggapan sa City Government, health centers, mga kalsada, at paaralan.

Mayroon ding 14 new parks sa lungsod. Ilan sa mga ito ang East Avenue Junction Park at Sct. Reyes Plaza, mga dating bakanteng lote na na-transform into green spaces.

Sa ngayon, mayroong 93 na bagong park infrastructure projects, kasama na ang community, linear, at pocket parks; Gora lanes; pedestrian alleys; green walls at vertical gardens; at historical monuments.

Kasama rito ang Alley 44 at Alley 22 sa Diliman, na muling dinevelop bilang alternative routes sa pedestrians.

Samantala, na-transform ang isang vacant area sa Payatas Controlled Disposal Facility para maging self-sustaining plant nursery kung saan manggagaling ang mga puno at halaman para sa mga greening programs.

Nagsisimula na ring gumamit ng solar energy sa public facilities. May solar panels na sa City Hall—na makakatipid ng tinatayang ₱1.5 milyon kada taon.

Nakapag-install na ng solar panels sa dalawang public schools at gagawin din ito sa 50 pang iba sa buong lungsod, na magdudulot ng ₱9 milyon na savings kada taon.

"Mayroon na rin tayong manual na inilabas para sa government infra projects, para i-standardize ang pagsunod natin sa lahat ng regulatory requirements ng iba't ibang ahensiya. Kasama na rin dito ang pagsiguro na lahat ng ating infra projects ay PWD-accessible."

SINISIKAP TUGUNAN ANG PROBLEMA NG BAHA, NA DULOT NG TUMITINDING BAGYO AT PAG-ULAN





Ayon kay Mayor Joy Belmonte, nagtayo na ng karagdagang 12 flood sensors at tatlong rain gauges. Ni-rehabilitate rin ang 550-meter stretch ng West Avenue kung saan nag-install ng malalaking drainage pipes para mabawasan ang baha sa QC.

Binuo rin ang Drainage Master Plan na naglalaman ng holistic at data-based solutions sa problemang ito.

Sa patuloy na suporta for better mobility, napalawak ang Bike Lane network, na sumasaklaw sa kabuuang 102.57 kilometro para sa Phase 1 at 2. Dagdag ito sa higit 100 kilometro ng bike lanes na dinevelop ng National Government sa siyudad.





In total, the Quezon City Government has opened around 210.52 kilometers of bike lanes in the city—which is over 60% of the goal of 350 kilometers.

Tuloy-tuloy rin ang pagpapatupad ng Project Aurora centralized CCTV network. With over a thousand CCTV cameras already connected to this system under Phase 1, ngayong Phase 2 naman, inilalatag ang fiber-optic system para sa real-time viewing ng footage ng cameras, at pagpapalaki ng storage capacity para ma-save ang recordings for future reference.

Underway na ang Phase 3, na maglalagay ng additional 1,500 CCTV cameras na iko-connect sa system. Ang target ay maka-install ng 3,000 cameras sa strategic locations sa siyudad. Iintegrate din ang 60,000 cameras sa network, including those from other government facilities, security agencies, businesses, private institutions, at barangays.





Isa sa mga bagong electric bus sa QC.

Trending din ang mga bagong electric buses na idadagdag sa fleet ng mga bus ng Quezon City. Bukod sa pagbibigay ng ligtas at libreng transportasyon, ito ay alinsunod sa rekomendasyon ng Enhanced Local Climate Action Plan ng lungsod para mabawasan ang greenhouse gas emissions.

"Because these buses can accommodate more passengers, we also hope, down the line, to help reduce the number of cars on our roads. Patuloy rin ang ating pag-aaral tungkol sa paggamit ng clean energy para sa mga charging station for our new electric buses. Kapag naging successful ito, electric buses na ang gagamitin natin sa ating libreng sakay program," ani Mayor Joy.

BAHAGI NG PANATA NATIN, TO GAIN—AND SUSTAIN— THE TRUST OF OUR FELLOW QCITIZENS

Ibinahagi ni Mayor Joy Belmonte na ang Quezon City Government ay ISO-certified na—"a proof that our delivery of services are in line with international standards."

"Sa patuloy na pagpo-professionalize ng ating City Government, sinisikap din nating iparamdam ang suporta sa ating mga kawani. Sa loob lang ng limang taon, 2,439 City Hall employees na ang na-regular, alinsunod sa ating monthly Personnel Selection Board. Meanwhile, 1,533 of our employees have been promoted this year alone—which exceeds the number of promotions in the nine years of the previous administration," ani Mayor.

"Consistent sa ating commitment sa transparent, accountable, at responsive governance, bahagi tayo ng Open Government Partnership program. We are one of only 15 LGU-members from the Philippines. Masaya ako na ang ating culture of good governance, isinasabuhay na rin ng ating mga barangay, at ng ating Sangguniang Kabataan—na kinilala bilang most outstanding sa buong bansa."

Laging sinasabi rin ni Mayor na ang kakayahan na mamahala ay nakabatay sa kakayahang makinig. Kaya patuloy na pinapabuti ng lokal na pamahalaan ang komunikasyon upang maipaalam sa mga QCitizen ang mga plano, programa, at patakaran, gayundin upang buksan ang linya para sa kanilang mga puna at mungkahi. Kasama rito ang opisyal na Quezon City Government Facebook page, na umabot na sa mahigit isang milyong followers ngayong taon.

"The work of good governance is never easy... but we have proven that it can be done, with a balance of principled, grounded, compassionate, and evidence-based governance. Patunay nito ang higit 300 awards at recognitions na atin nang natanggap—ang napakaraming resibo ng ating pamamahala."

"Lagi't lagi, isang karangalan ang maglingkod dito sa Lungsod Quezon."

"Marami pa tayong kailangang gawin, in order to realize the promise of a truly inclusive, sustainable, and just city. Sa paglalakbay na ito, umaasa ako na patuloy ninyong susuportahan ang ating pagkilos, sa pamamagitan ng mga panukala, na nagbibigay-diin sa mga karapatang pantao."

"Mga kasama: Nasa kalagitnaan na tayo ng pagtupad ng mga panaginip para sa ating lungsod. Matayog tayo kung mangarap. Mapangahas tayo kung kumilos. We have definitely raised the standards. Sa ating pagkakapit-bisig, tungo sa bagong yugto ng Lungsod Quezon, tiwala ako: hindi lang natin tatapatan, kundi hihigitan pa natin ang ating mga nasimulan."





